



 E3 / ALPINE-AFFILIATED ASCs

Mahal na Pasyente,

Nagagalak kami na pinili ninyo at ng inyong doktor ang isa sa mga Sentro ng Operasyon o *Surgery Centers* (“Center” o “Sentro”) na naririto na siyang magtakda ng inyong operasyon. Nasa ibaba ang ilang mahahalagang impormasyon upang mabalik-aral ninyo bago ang petsa ng inyong operasyon. Kung mayroon kayong anumang tanong pagkatapos ninyong mabalik-aral ang dokumentong ito, huwag po kayong mag-atubiling makipag-ugnayan sa Sentro, tanungin ang tao na tagapag-ugnay bago ang operasyon (*pre-op call coordinator*) kapag tinawagan niya kayo bago ang operasyon, o magtanong pagkarating na pagkarating ninyo sa Sentro.

### **Mga Karapatan ng Pasyente**

- Bilang tao na tatanggap ng Pederal na tulong-pinansiyal, ang Sentro ay hindi nag-eetsapuwersa ng, tumatangi ng mga benepisyo para sa, o kun’di ma’y nagdidiskrimina laban sa, sinumang tao dahil lamang sa lahi, kulay, kredo, kasarian o bansang pinagmulan, o batay sa kapansanan o edad para makapasok sa, makasali sa, o tumanggap ng mga serbisyo at benepisyo sa ilalim ng alinman sa mga programa at aktibidad nito, direkta mang ipinatupad ng Sentro o sa pamamagitan ng isang kontraktor, o anumang entidad kung kanino ang Sentro ay nakikipag-usap upang ipatupad ang mga programa nito at aktibidad.
- Ang mga pasyente ay may karapatan sa personal na pagka-pribado.
- Ang mga pasyente ay may karapatan na tumanggap ng pangangalaga sa isang ligtas na kapaligiran.
- Ang pasyente ay may karapatan na maging malaya mula sa lahat ng anyo ng pang-aabuso o panliligalig.
- Ang mga pagsisiwalat tungkol sa mga pasyente at ang mga rekord ay tinatrato na kumpidensiyal. Ang mga pasyente ay binibigyan ng pagkakataon na aprubahan o tanggihan ang paglalabas ng mga naturan, maliban na lamang kung kakailanganin ng batas.
- Ang mga pasyente ay binibigyan, sa hangganang nalalaman na, ng kumpletong impormasyon tungkol sa kanilang dayagnosis, ebalwasyon, paggagamot, at prognosis, maliban na lamang kung ang naturang pagbibigay ng impormasyon sa pasyente o sa tao na awtorisado ng batas ay hindi ipinapayo sa medikal na kadahilanan.
- Ang mga pasyente ay binibigyan ng pagkakataon na sumali sa pagdedesisyon kung ang sangkot ay ang pangangalaga ng kanilang kalusugan, maliban na lamang kung ang naturang pagsali ay hindi pinapayagan sa medikal na kadahilanan.
- Ang mga pasyente ay binibigyan ng impormasyon para makatanggap sila ng pangangalaga kung may emergency, at sa mga alanganing oras.
- Ang mga pasyente ay binibigyan ng impormasyon tungkol sa mga babayadan para sa serbisyo, ng mga patakarang tungkol sa pagbabayad at mga obligasyong-pinansiyal.
- Ang mga pasyente ay may karapatang tumanggi sa pagsali sa mga pag-aaral na inieksperimentuhan pa lamang o sinusuri pa.
- Ang mga pasyente ay may karapatang tumanggap ng mga materyal na may kinalaman sa pagsasa-merkado o pagpapatalastas, na nagpapakita ng mga serbisyo ng Sentro sa isang paraang hindi mapanlinlang.
- Ang mga pasyente ay may karapatang maghayag ng kanilang mga alalahanin at tumanggap ng kasagutan sa kanilang mga tanong sa isang paraang napapapanahon.
- Ang mga pasyente ay may karapatan na magdetermina ng para sa kanilang sarili, kabilang na ang karapatang tanggapin o tanggihan ang paggagamot, at ang karapatang lumikha ng isang paunang direktiba (*advance directive*).
- Ang mga pasyente ay may karapatang malaman at maintindihan kung ano ang kanilang aasahan tungkol sa pangangalaga at paggagamot sa kanila.
- Kung ang pasyente ay idineklarang walang kakayahan sa ilalim ng mga naaangkop na batas ng California ukol sa kalusugan at kaligtasan, ng isang hukumang may naaangkop na hurisdiksiyon, ang mga karapatan ng pasyente ay paiiralin ng tao na itinalaga sa ilalim ng batas ng Estado na siyang kumilos sa pangalan ng pasyente.
- Kung ang isang hukuman ng Estado ay hindi nagdeklara na ang isang pasyente ay walang kakayahan, sinumang legal na kinatawan na itinalaga ng pasyente alinsunod sa batas ng California ay makakapag-pairal ng karapatan ng pasyente sa hangganang pinapayagan ng batas.

## **Mga Responsibilidad ng Pasyente**

- Magbigay ng kumpleto at tamang impormasyon, sa abot ng inyong kakayanan, tungkol sa inyong (o sa inyong anak) kalusugan, anumang gamot kabilang na ang mga produktong nabibili nang walang reseta at mga pagkaing suplemento, at anumang alerdyi o pagiging maselan; at iulat ang mga hindi inaasahang pagbabago sa inyong sarili o sa inyong anak.
- Ipaalam sa inyong *provider* ang tungkol sa anumang testamento habang nabubuhay pa, kapangyarihan ng abugado na may kaugnayan sa mga medikal na bagay o *medical power of attorney*, o iba pang direktiba na maaaring maka-apekto sa pangangalaga sa inyo.
- Humingi ng paliwanag kung hindi ninyo naiintindihan ang mga papeles na pinapipirmahan sa inyo o anumang tungkol sa pangangalaga sa inyong sarili o sa inyong anak.
- Mangalap ng maraming impormasyon hangga't kailangan ang mga ito, upang makagawa ng matalinong desisyon.
- Palaging magpakita o panatiliing madali kayong makontak , upang maturuan kayo ng mga tauhan kung paano pangangalagaan ang inyong sarili o ang inyong anak; gusto naming ibahagi sa inyo ang aming nalalaman, pero kailangang handa kayong matuto.
- Sundin ang iniresetang paraan o inirekomendang pangangalaga ng mga doktor, nars at iba pang mga miyembro ng pangkat na tagapangalaga ng kalusugan para sa inyong sarili o para sa inyong anak; tandaan, kung tatanggihan ninyo ang kayo ay magamot o kung hindi kayo susunod sa mga tagubilin, kayo ang mananagot sa sarili ninyong mga aksyon.
- Igalang ang mga karapatan at pagka-pribado ng iba. Igalang ang lahat ng mga tagapagbigay ng pangangalagang pang-kalusugan, pati na rin ang iba pang mga pasyente.
- Alamin at sundin ang mga patakaran at pamamaraan ng Sentro.
- Tiyakin na ang mga obligasyong pinansiyal na may kaugnayan sa pangangalaga ng inyong sarili at ng inyong anak ay nabayadan.
- Igalang ang sarili ninyong mga personal na gamit pati na rin ang mga gamit ng iba pang mga tao na nasa Sentro.
- Magkaroon ng isang aktibong papel na gagampanan sa pagtitiyak nang ligtas na pangangalaga sa pasyente. Magtanong o ihayag ang mga alalahanin habang kayo ay nasa ilalim ng aming pangangalaga. Kung hindi ninyo naiintindihan, magtanong ulit.
- Kumuha ng isang responsableng tao na nasa hustong gulang na, na siyang magiging kasama ninyo sa pag-uwi o pagbiyahe papunta sa inyong tahanan at, kung sasabihin ng inyong *provider*, manatili munang kasama ninyo sa loob nang dalawampu't apat (24) na oras.

## **Kung mayroon kayong reklamo o alalahanin...**

Ang Administrasyon ng bawat Sentro ay naninindigang bibigyan ng proteksyon ang mga karapatan ng pasyente at magkakaloob ng de-kalidad na pangangalaga. Kung mayroon kayong anumang mga reklamo o alalahanin, hilingin po na makausap ninyo ang Direktor para sa mga Gawain sa Sentro para sa Operasyon. Kung hindi ninyo naresolba ang inyong mga alalahanin, direkta pong idulog ang mga ito sa Punong Ehekutibong Opisyal o *Chief Executive Officer* sa (650) 321-8677, (TDD/*State Relay Number* 711). Naninindigan kami na tutugon sa inyong mga alalahanin. Maaari din ninyong sabihin ang inyong mga alalahanin alin man sa Departamento ng Estado ng California para sa Pamublikong Kalusugan (*State of California Department of Public Health*) o sa pederal na Opisina ng Ombudsman para sa Benepisyaryo ng Medicare o (*federal Office ng Medicare Beneficiary Ombudsman*) alinman nang sa pamamagitan ng pagsulat o sa telepono, ayon sa nakalista sa ibaba:

### **Mga Sentro ng Operasyon sa Silicon Valley at Bascom**

State of CA Department of Public Health  
San Jose District Office  
100 Paseo de San Antonio, Suite 235  
San Jose, CA 95113  
District Administrator: Charlene Popke  
Telephone: (408) 277-1784 or (800) 554-0348  
FAX: (408) 277-1032

### **Mga Sentro ng Operasyon sa Campus, Waverley at El Camino**

State of CA Department of Public Health  
San Francisco District Office  
150 North Hill Drive, Suite 22  
Brisbane, CA 94005  
District Administrator: Diana Marana  
Telephone: (415) 330-6353 or (800) 554-0353  
FAX: (415) 330-6350

**OR**

Office of Medicare Beneficiary Ombudsman  
U.S. Department of Health & Human Services  
Centers for Medicare and Medicaid Services  
Visit: [www.medicare.gov](http://www.medicare.gov) or  
<http://www.medicare.gov/claims-and-appeals/medicare-rights/get-help/ombudsman.html>  
Call: 1-800-MEDICARE (1-800-633-4227)

Accreditation Association for Ambulatory Health Care, Inc. ("AAAHHC")  
5250 Old Orchard Road, Suite 200  
Skokie, IL 60077  
Telephone: (847) 853-6060 FAX: 847-853-9028

The Joint Commission / (630) 792-5000

## **MGA PAUNANG DIREKTIBA**

Lahat ng mga pasyente ay may karapatang sumali sa pagdedesisyon ng para sa pangangalaga ng sarili nilang kalusugan, at magsagawa ng mga paunang direktiba o magpatupad ng kapangyarihan ng abugado o *power of attorney*, na magbibigay ng awtorisasyon sa iba na magdedesisyon sa kanilang pangalan, batay sa inihayag na kagustuhan ng pasyente kung ang pasyente ay hindi makakapagdedesisyon, o walang kakayahang makapaghayag ng mga desisyong. Ang mga karapatang ito ay iginagalang at pinaiiral sa bawat Sentro.

Gayunpaman, hindi tulad ng sa isang kapaligiran sa isang ospital kung saan naaasikaso kaagad ang mga agarang kailangang pangangalaga (*acute care hospital*), sa bawat Sentro ay hindi *routine* o hindi nakagawian ang pagsasagawa ng mga pamamaraang may kaakibat na "malulubhang panganib". Karamihan sa mga pamamaraang isinasagawa sa mga naturang Sentro ay itinuturing na bahagya lamang ang kaakibat na panganib. Siyempre, walang operasyong walang panganib. Tatalakayin ninyo sa inyong doktor ang mga pagtutukoy na may kinalaman sa mga pamamaraang gagawin sa inyo, at masasagot nila ang inyong mga tanong tungkol sa kaakibat na panganib ng mga ito, at ang maaasahan ninyong paggaling at pangangalaga pagkatapos ng inyong operasyon.

Kung gayun, patakaran ng bawat Sentro, maging anupaman ang mga nilalaman ng kahit na anong paunang direktiba o instruksyon mula sa isang *surrogate* para sa pangangalagang pangkalusugan o abugado, na kung may mangyayaring anumang taliwas na kaganapan sa panahon ng paggagamot sa inyo sa mga Sentrong ito, magsasagawa ng mga hakbang upang kayo'y buhayin o lapatan ng mga hakbang na mag-eestablisa ng inyong kalagayan, at ililipat kayo sa isang ospital na handang-handa para sa mga agarang pangangailangan, upang lalo pa kayong masuri. Sa naturang ospital na handang-handa para sa mga agarang pangangailangan para sa pangangalaga sa inyo, ang karagdagang paggagamot o pag-uurong ng mga hakbang na ipinanggamot na nasimulan na, ay oorderin alinsunod sa inyong kagustuhan, paunang direktiba o paraan ng pangangalagang pangkalusugan, ayon sa kapangyarihang ibinigay ninyo sa inyong abugado.

Kung mayroon kayong Paunang Direktiba, magdala po sa Sentro ng isang kopya ng dokumentong ito, sa mismong araw ng inyong operasyon.

## **PAG-AARI NG DOKTOR SA SENTRO NG OPERASYON**

Ang inyong doktor ay maaaring may pag-aaring pinansiyal sa Sentro kung saan nakatakdang ganapin ang inyong operasyon. Kung mayroon kayong anumang tanong tungkol dito, tumawag po sa *Business Office* sa (650) 321-8677.